Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 21 NG MARSO, 2001,MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad<br>Nasa lakad opisyal |

*KAPASIYAHAN BLG. 123-T'2001*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA LAZARO NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG ANIM (6) NA TABLE TENNIS UPANG MAGAMIT SA PAGSASANAY NG MGA MANLALARONG KALAHOK SA BATANG PINOY SA BANSA.*

*SAPAGKA'T*, binigyang-pansin at pagpapahalaga ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang pagpapalakas ng programa ukol sa palakasan upang bigyang-daan ang kakayahan ng mga manlalaro na patuloy na nagkakamit ng panalo at nagdadala ng pangalan sa bayang ito maging sa lalawigan;

*SAPAGKA'T*, nangangailangan ng mga kagamitan, partikular ay mga table tennis upang magamit ng mga manlalaro sa kanilang pagsasanay na kalahok sa Batang Pinoy sa bansa;

*SAPAGKA'T*, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang magkaroon ng mga kagamitang tulad ng table tennis;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa kapakanang pangkagalingan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Florencio C. Odejar at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Teresita Lazaro na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng anim (6) na table tennis upang magamit sa pagsasanay ng mga manlalarong kalahok sa Batang Pinoy sa bansa.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Teresita Lazaro at Kgg. Punong Bayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

3/26/2001